



**Certificate in Biblical Studies
CBS400 Ang Mga Hari**

**CBS405 Divided Kingdom Part 2
Conrad Jun Tolosa**

Ang Pamumuno ni Jeroboam

Si Jeroboam, isang masipag at may kakayahang tao, ay dating opisyal ni Haring Solomon. Siya ay itinalaga upang pamahalaan ang mga manggagawa ng sambahayan ni Joseph. Isang araw, habang papalabas ng Jerusalem si Jeroboam, nakatagpo niya ang propetang si Ahijah. Suot ni Ahijah ang isang bagong balabal. Sa isang dramatiko at simbolikong kilos, kinuha ni Ahijah ang kanyang bagong balabal at pinunit ito sa labindalawang piraso. Ibinigay niya ang sampung piraso kay Jeroboam at ipinahayag na ibibigay ng PANGINOON sa kanya ang pamumuno sa sampu sa labindalawang lipi ng Israel. Ang prophecy na ito ay nagpapahiwatig ng pagkakahati ng kaharian ni Solomon pagkatapos ng kanyang kamatayan dahil sa kanyang hindi pagtalima sa Diyos, kung saan si Jeroboam ang mamumuno sa hilagang mga lipi at ang anak ni Solomon na si Rehoboam ang mamumuno sa mga timog na lipi. (1 Kings 11:29-39)

Nang malaman ito ni Solomon, tinangka niyang ipapatay si Jeroboam subalit siya ay tumakas patungong Egypt upang takasan ang galit ni Solomon.

Nang pumanaw na si Solomon, nagtipon-tipon ang buong Israel sa Shechem upang gawing hari si Rehoboam na kanyang anak. Nang ito ay mapag-alaman ni Jeroboam, na dating opisyal ni Solomon, siya ay bumalik sa Israel at ipinasundo siya ng mga taga-Israel upang kausapin si Rehoboam. Sa pamumuno ni Jeroboam, nag-alsa laban kay Rehoboam ang mga hilagang tribo matapos niyang tanggihan ang kahilingan ng mga ito na bawasan ang mabigat na buwis at sapolitang paggawa. Naghimagsik ang mga ito at pinutungan si Jeroboam bilang kanilang hari. Dito nagsimula ang pagbuo ng hilagang Kaharian ng Israel.

Nagtipon ang mga lipi sa hilaga at ipinroklama si Jeroboam bilang kanilang hari. Kaya't nahati ang kaharian, si Jeroboam ang namuno sa hilagang Kaharian ng Israel, na binubuo ng sampung lipi, at si Rehoboam naman ang nagpatuloy sa pamumuno sa timog na Kaharian ng Judah, na binubuo ng mga lipi ng Judah at Benjamin.

Bilang hari ng hilagang Kaharian ng Israel, kinailangan ni Jeroboam na patatagin ang kanyang bagong tatag na kaharian. Itinatag niya ang kabisera sa Shechem at kalaunan sa Samaria. Ang kanyang pangunahing layunin ay mapanatili ang pagkakaisa at kasarinlan ng kanyang kaharian mula sa katimugang Kaharian ng Juda.

Upang maiwasan ang mga tao ng Israel na bumalik sa Jerusalem sa Juda para sumamba, nagpatayo si Jeroboam ng dalawang ginintuang guya bilang mga simbolo ng pagsamba. Ang isa ay inilagay sa Bethel at ang isa sa Dan. Sinabi niya sa mga tao, *Narito ang inyong mga diyos, O Israel, na naglabas sa inyo mula sa lupain ng Ehipto* (1 Mga Hari 12:28). Sa ganitong paraan, sinubukan niyang palakasin ang relihiyosong kasarinlan ng Israel at pigilan ang muling pagnanais ng mga tao na bumalik sa Juda.

Ang pamumuno ni Jeroboam ay hindi naging madali. Kinaharap niya ang mga banta mula sa katimugang Kaharian ng Juda, pati na rin ang mga panlabas na banta mula sa mga kalapit na bansa. Bukod dito, ang kanyang mga repormang relihiyoso ay nagdulot ng pagtutol mula sa mga propeta at relihiyosong pinuno na tapat sa pagsamba kay Yahweh.

Ang pamumuno ni Jeroboam ay natapos sa maraming hamon. Sa kabila ng kanyang mga pagsisikap na patatagin ang kanyang kaharian, ang kanyang relihiyosong reporma ay nagdulot ng malaking hidwaan. Ayon sa Bibliya, ang kanyang mga ginawa ay ikinagalit ng Diyos, at maraming pagdurusa ang kinahinatnan ng kanyang angkan.

Ang pamumuno ni Jeroboam ay isang yugto ng pagtatag at pakikibaka para sa hilagang Kaharian ng Israel. Bagama't nagtagumpay siya sa pagbuo ng isang bagong kaharian at pagpapanatili ng kasarinlan nito, ang kanyang mga desisyon, lalo na sa relihiyon, ay nagdulot ng mga matinding hamon at hidwaan. Ang kanyang pamana ay nagbibigay-aral sa mga komplikasyon ng pamumuno at ang epekto ng mga desisyon ng isang pinuno sa kasaysayan ng kanyang nasasakupan.

Ang kanyang kaharian ay patuloy na nakipaglaban sa mga hamon hanggang sa tuluyang masakop ng mga Assyrian noong 722 BCE.

Konklusyon

Ang pamumuno ni Jeroboam ay nagtuturo sa atin ng kahalagahan ng pagpapanatili ng integridad at katapatan sa mga pangunahing prinsipyo at halaga. Ipinapakita nito ang mga panganib ng pagpapahintulot sa takot at kawalang-katiyakan na magtulak sa mga desisyon, at ang pangmatagalang kahihinatnan ng pag-prioridad sa pampulitikang pakinabang sa halip na espirituwal at moral na integridad. Ito ay isang babala tungkol sa epekto ng mga desisyon ng pamumuno sa mga susunod na henerasyon.

Multiple Choice:

1. Basahin ang 1 Kings 12:25-33. Alin sa mga statements ang hindi tugma sa iyong binasa?
 - a. Naisip ni Jeroboam na kung ang mga tao ay magpapatuloy na pumunta sa Templo sa Jerusalem upang mag-alay ng mga handog, mahuhulog muli ang kanilang loob kay Rehoboam.
 - b. Gumawa si Jeroboam ng dalawang gintong guya upang ito ang sambahin ng mga tao at hindi na sila kailangan pumunta sa Jerusalem.
 - c. Inutusan ni Jeroboam ang mga paring inilagay niya sa mga sagradong burol na maghandog sa altar na kanyang ipinatayo sa Bethel.
 - d. Lahat ng statement ay hindi tugma sa mga talatang binasa.

2. Ano ang tamang statement?
 - a. Natakot si Jeroboam na kung pupunta ang mga tao sa Jerusalem upang sumamba, ibabalik nila ang kanilang katapatan kay Rehoboam.
 - b. Ang takot na ito ang nagtulak sa kanya na magtatag ng mga maling sistema ng pagsamba, na nagligaw sa mga tao.
 - c. Ang pagsuway ni Jeroboam at pagkabigong sundin ang mga utos ng Diyos ay nagdulot ng kanyang pagbagsak at nagdala ng kapahamakan sa kanyang sambahayan.

- d. Lahat ng statement ay tama.
3. Basahin ang 1 Kings 13. Alin sa mga statements ang hindi sinabi sa kapitulong iyong binasa?
- Inutusan ng Diyos ang isang propetang mula sa Judah upang sumapain ang altar na ipinatayo ni Jeroboam.
 - Ipinadakip ni Jeroboam ang propetang mula sa Judah ngunit nanigas ang kanyang kamay habang ito ay nakaturo sa lingkod ng Diyos.
 - Inutusan ng hari ang propeta na ipanalangin siya upang ang kanyang naninigas na kamay ay gumaling.
 - Matapos gumaling ang kamay ng hari, inanyayahan niya ang lingkod ng Diyos na sumama sa kanya upang kumain.
 - Lahat ng statements ay mababasa sa kapitulo.
4. Sa 1 Kings 13 pa rin, alin sa mga statements ang hindi tama?
- Inutusan ng Diyos ang propeta na huwag kakain o iinom ng kahit anoman at huwag babalik sa kanyang dinaanan kaya naman hindi na siya dumaan sa dinaanan niya patungong Bethel.
 - Hinabol ng matandang propeta ang propeta ng Diyos na galing sa Judah upang ihatid sa kanya ang mensahe na dapat siyang sumama sa matandang propeta upang kumain at uminom.
 - Ang propeta ng Diyos na galing sa Judah ay nabusog at matiwasay na nakabalik sa kanyang tahanan.
 - Walang tama sa mga statement.
5. Basahin ang 1 Kings 14. Alin sa mga statement ang hindi tama?
- Nagkasakit ang anak ni Jeroboam kaya inutusan niya ang kanyang asawa na magbalatkayo upang walang makakilala sa kanya pagpunta niya kay Ahijah upang malaman kung ano ang mangyayari sa kanilang anak.
 - Pagdating ng asawa ni Jeroboam kay Ahijah, pinatuloy siya ng propeta at tinanong siya kung bakit siya nagkukunwari.
 - Sinabi ng propeta sa asawa ni Jeroboam na parurusahan ng Diyos ang kanilang angkan at lilipulin silang lahat at pagpasok niya sa bayan, mamamatay ang kanilang anak.
 - Pinabayaan ng Diyos ang Israel dahil sa mga kasalanang ginawa ni Jeroboam at sa mga kasalanang ipinagawa nito sa bayan ng Israel.
 - Wala sa choices.

